

## Mga Karapatan para sa Manggagawang Tagapag-alaga (Caregivers) (03/2019)

e-mail: [siud@kavlaoved.org.il](mailto:siud@kavlaoved.org.il)



[www.facebook.com/migrantcaregivers](http://www.facebook.com/migrantcaregivers)

**Ang Kav LaOved ay isang organisasyon na nagbibigay ng libreng konsultasyon at legal na tulong** para sa mga manggagawa. Ang mga sumusunod na karapatan ay garantisado ng batas ng Israel para sa lahat ng mga manggagawang Israeli o dayuhan man (may visa man o wala):

<b>Pinaka mababang Pasahod</b>	<b>5,300</b> NIS para sa kabuuang trabaho (182 oras kada buwan); <b>212</b> NIS kada araw, <b>29.12</b> NIS kada oras. Ang lingguhang alawans ay bahagi/parte ng kabuuang sahod kada buwan. Ang mga amo na nagbabayad ng pinakamababang pasahod (Minimum wage) ay pinapayagang ibawas sa sahod ng manggagawang nakatira sa lugar ng kanilang pinagtatrabahuan ang di nagbabagong halaga para sa regulasyon ng kasiguruhang medikal, pambansang seguridad, paninirahan at iba pang gastusin.
<b>Araw ng Sahod</b>	Ang pagbayad ng sahod ay hindi dapat lalampas sa ika-9 na araw ng buwan, para sa nakalipas na buwan.
<b>Overtime/ Sobrang Oras</b>	Ang tagapag-alaga na hindi nakatira sa bahay ng amo (LIVE-OUT), o nagtatrabaho para sa kanilang mga amo sa labas ng bahay nito (hal. ospital/rehabilitasyon) at nagtatrabaho ng mahigit 8 oras kada araw, ay nararapat lamang tumanggap ng bayad sa sobrang oras. Pinakamababang bayad para sa sobrang oras: para sa unang 2 oras – 36.40 NIS kada oras, at para sa bawat oras pagkalampas ng 2 oras – 43.70 NIS
<b>Lingguhang pahinga</b>	Ayon sa pagpapasya ng Pambansang Korte sa Paggawa ng July 7, 2016, bawat tagapag-alaga ay may karapatang magkaroon ng 25 oras ng pahinga na tuloy tuloy sa trabaho sa loob ng isang linggo na naayon sa kanilang relihiyon at bansang pinanggalingan.
<b>Taunang Bakasyon</b>	<p>Bawat manggagawa ay may karapatan sa bayad na bakasyon kada taon. Ang Habang bakasyon: 14 na araw para sa unang 5 taon. Ang araw ng bakasyon ay nadadagdagan habang tumatagal ng hanggang 4 na linggo mula sa ika-13 taon ng pamamasukan. Kapag ikaw ay nagbakasyon, ikaw ay nararapat lamang bayaran ng regular na sahod ng iyong amo basta hindi bababa sa pinakamababang pasahod. Ikaw ay pinapayagang ipunin ang araw ng hindi pa nagagamit na bakasyon sa loob lamang ng 3 taon. Nararapat lamang na payagan ka ng iyong amo na magamit mo ang iyong mga naipong bakasyon. Kapag ikaw ay hindi hinayaang magbakasyon ng iyong amo, ikaw ay may karapatang umalis o magbitiw, at nararapat tumanggap ng kabuuang halaga ng pagtatapos ng pamamasukan (Severance Pay). Ang pagbabayad ng araw ng bakasyon ay hindi nangangahulugan ng hindi pagpayag ng amo upang ikaw ay makapagbakasyon.</p> <p>Wala kang obligasyon na humanap ng kapalit at hindi mo rin dapat bayaran ang reliever/kapalit habang ikaw ay nasa iyong taunang bakasyon!</p>
<b>Holidays/ Opisyal na Araw</b>	Ikaw ay mayroong matatanggap na araw ng pahinga sa 9 holidays (festivals) kada taon ayon sa iyong relihiyon o bansang pinanggalingan, basta hindi ito matatapat sa araw ng iyong pahinga. Ang bawat holiday na araw ay may 25 oras kada araw (kapareho ng araw ng pahinga). Ang manggagawang nagtatrabaho sa kanilang holiday ay nararapat lamang na makatanggap ng 150% X arawang pinakamababang sahod (para sa 24 oras) at karagdagan 150% X kada oras na sahod (para sa ika-25 oras).
<b>Recuperation Pay / Araw ng Pagpapagaling</b>	Pagkatapos ng 1 taon paninilbihan ikaw ay nararapat na tumanggap ng 5 araw ng Recuperation Pay ( <b>378</b> NIS kada araw); sa ika-2 at ika-3 taon: 6 araw; mula ika-4 hanggang ika-10 taon: 7 araw. Ang bilang ng araw ng Recuperation Pay nadadagdagan habang tumatagal hanggang umabot lamang ng 10 araw mula sa ika-20 taon ng pamamasukan.

<b>Bayad sa Pagkakasakit</b>	Ikaw ay nararapat lamang tumanggap ng sahod mula sa iyong amo kapag ikaw ay hindi nakapasok sa trabaho sa kadahilanang ikaw ay may sakit ngunit kailangang ito ay may sulat mula sa duktora na nagpapatunay na ikaw nga ay may sakit. Ang unang araw ay walang bayad; ang pangalawa at pangatlong araw ng pagkakasakit – ikaw ay dapat makatanggap ng 50% ng iyong arawang sahod; mula ika-apat na araw pataas - 100% ng iyong arawang sahod. Ang araw ng pagkakasakit ay binibilang mula sa araw ng iyong pagsisimula ng trabaho: 1.5 araw sa bawat buwan ng trabaho (18 araw kada taon), hanggang sa umabot lamang ng 90 araw ng pagkakasakit. Ikaw ay hindi maaaring paalisin/palayas in sa araw/mga araw ng iyong sick leave/pagkakasakit.
<b>Severance Pay/ Pagtatapos ng Trabaho</b>	Ikaw ay nararapat tumanggap ng Severance Pay (Pitzuim) kung natapos mo ang isang taong pagtatrabaho sa iyong amo at ikaw ay pinaalis/palayas in o ikaw ay umalis dahil sa mga sumusunod na dahilan: kung ang iyong amo ay namatay o inilipat sa nursing home/bahay alagaan; hindi ka na binigyan ng visa; lumala na ang kondisyon sa iyong trabaho hal. hindi pagbabayad ng sahod o ng iyong mga karapatan; kondisyong medikal na hindi kana pinapayagan pang makapagtrabaho; kailangan mong mag-alaga ng iyong sanggol , at iba pa. Ang bayad para sa Severance Pay ay kinakalkula base sa buwanang pinakamababang sahod (5,300 NIS) o iyong sahod kasama ang iyong lingguhang allowance – alinman ang mas mataas, X taon ng pamamasukan (kasama ang parte ng taon ng pagtatrabaho). Ikaw ay dapat bayaran agad sa pagtatapos ng iyong trabaho.
<b>Pambansang Depositong Pondo</b>	Kung ang parte ng iyong sahod ay nagmumula sa ahensya, kapag ikaw ay nagtapos ng trabaho ikaw ay makatanggap ng Severance Pay (at pension) mula sa ahensya para sa parte ng sahod mo sa kanila hanggang 30.10.2016. Mula 01.11.2016 pataas, ang mga ahensya ay naglalagay ng kanilang parte para sa Severance Pay at pension sa Pambansang Depositong Pondo, makukuha mo ang kabuuang halaga (pagkatapos ng 15% bawas para sa buwis) kapag ikaw ay lalabas/lumabas na ng permanente sa bansang Israel. Ang pagdedeposito sa pondo ay maaari lamang gawin ng mga ahensya. Ayon sa panuntunan, babawasan ang pondo ng multa unti-unti, magmula sa ika-90 na araw pagkatapos ng petsa ng pagkakawalang bisa ng trabaho ng tagapag-alaga at magtutuluy-tuloy ito kada buwan sa loob ng 6 na buwan hanggang sa ang kabuuang halaga ay maubos.
<b>Pagbibigay ng Abiso/Pabatid ng Pag-alis o Pagpapaalis</b>	<p>Ang tagapag-alaga na nagtrabaho ng <u>mahigit 7 araw at gustong umalis</u> ay <b>KAILANGAN</b> magbigay ng abiso sa <u>pamamagitan ng sulat</u> sa ahensya (kung saan siya ay rehistrado) at sa kanyang amo, kung saan nakasaad ang araw ng pagbibigay ng sulat at kung kelan ang huling araw ng kanyang trabaho. Ang pagbibigay ng abiso ay: para sa panahon ng trabaho ng 7 araw hanggang 3 buwan– 7 araw, mula 3 to 6 buwan – 14 araw, mula 6 to 12 buwan – 21 araw, mahigit 1 taon- 1 buwang abiso. Laging magtago ng kopya ng abiso para sa iyong sarili.</p> <p>Ayon sa Batas ng Paggawa, ang iyong amo ay kailangang magbigay ng abiso bago ka niya paalisin o alisin sa trabaho. Ang panahon ng haba ng abiso ay depende sa panahon ng pagtatrabaho: Sa unang 6 na buwan - 1 araw sa bawat buwan; para sa ika-7 buwan hanggang 1 taon + 2.5 araw sa bawat dagdag na buwan; pagkatapos ng 1 taon- 1 buwan.</p> <p>Kung sakaling ikaw/o ang iyong amo ay hindi nakapagbigay ng sulat ng abiso, ikaw/amo ay kailangang magmulta ng halaga ng isang regular na sahod ng panahon ng abiso na dapat ay iyong nakuha.</p> <p><b>Ayon sa hatol ng Korte ng Paggawa, ang isang manggagawa ay makakakuha ng bayad para sa maagang abiso kung sakaling natapos ang kanyang paninilbihan sa kadahilanang namatay ang kanyang amo.</b></p> <p><u>Ang employer/amo ay kailangang magbigay ng matutuluyan para sa tagapag-alaga ng kahit na isang linggo pagkatapos ng huling araw ng trabaho.</u></p>
<b>Pensyon</b>	Sa batas, ang mga amo/employer ay kailangang maglaan ng pera para sa pensyon ng bawat manggagawa. Sakop ng Pensyon: 1.1.2017 pataas 12.5% kailangang itabi, kung saan 6.5% ay para sa "GEMEL" at 6% ay para sa Severance Pay (Pitzuim). Ang kabuuang halaga ng pensyon ay kailangang ibigay sa manggagawa pagtatapos ng kaniyang trabaho. <b>Kahit na ikaw ang umalis, kailangang ibigay ng employer/amo ang kabuuang halaga na dapat ay isinantabi sa panahon ng pamamasukan, kasali ang sakop ng severance.</b>
<b>Pagbubuntis at Panganganak</b>	Iligal ang pagpapaalis ng manggagawang buntis na nakapagtrabaho ng kahit 6 na buwan sa kanyang amo, maliban na lamang kung nakatanggap ang amo ng pagpayag mula sa ombudsman ng batas ng "manggagawang kababaihan" sa Ministro ng Ekonomiya. Kapag ikaw ay nanganak, ikaw ay makakakuha ng kabayaran para sa iyong pagpapospital at bayad para sa iyong panganganak at 15 linggong bayad na bakasyon ng panganganak mula sa Pambansang Institusyong Pangseguridad (Bituach Leumi), kung ikaw ay may B1 visa. Kung natapos ang iyong visa sa mga huling buwan ng iyong pagbubuntis at hindi nakapag-renew ng B1 visa, kailangan mong pumunta sa Ministry of Interior para kumuha ng B2 visa. Rekomendasyon para sa mga babaeng buntis: Basahin ang Kav LaOved's leaflets para sa pagbubuntis at panganganak.

<b>Health Insurance/ Kasiguruhang Pangkalusugan</b>	Ang iyong amo ay kailangang bayaran ang iyon kasiguruhang medikal/health insurance sa loob ng panahon ng pamamasukan. Kapag umalis ka sa trabaho, nararapat lamang na ituloy mo ang pagbabayad ng iyong health insurance/kasiguruhang medikal sa parehong kumpanya upang hindi mawala ang inyong mga benepisyo. Kung ito ay nakansela, posible pa itong ituloy sa loob ng 30 araw pagkatapos ng araw ng pagkawalang bisa nito. <u>Kapag ikaw ay nagpalit ng amo siguraduhing manatili sa parehong kumpanya para hindi mawala ang iyong mga karapatan.</u>
<b>Pambansang Seguridad</b>	Kailangang irehistro ka ng iyong amo sa Pambansang Institusyong Pangseguridad (Bituach Leumi) at bayaran ang buwanang bayad para sa Pambansang Seguridad na naaayon sa iyong sahod na alinsunod sa batas.
<b>Gastos sa Paglabas/Pagbyahe</b>	Kailangang ibalik/bayaran ng iyong amo ang iyong gastos sa paglabas/pagbyahe, kung ikaw ay hindi nakatira sa bahay ng iyong amo (LIVE-OUT) o kung ikaw ay nagtatrabaho sa ospital.
<b>Pangmomolestya Pang-aabusong Sekswal</b>	o Ang pangmomolestya/pang-aabusong sekswal at harassment ay mahigpit na ipinababawal sa ilalim ng batas ng Israel. Kasali ang pagbabanta ng pagpapaalis sa manggagawa kung siya ay tumangging makipagtalik, o anumang bagay na malaswa o may kinalaman sa gawaing sekswal. <b><u>Ang sinumang nakaranas ng ganitong pang-aabuso ay maaaring pumunta sa pinakamalapit na pulisya or ahensya, o kaya tumawag sa Kav LaOved.</u></b>
<b>Pasaporte</b>	Hindi maaaring hawakan ng ahensya/amo ang iyong pasaporte. Ito ay isang krimen.
<b>Bayad sa Broker</b>	Ang mga ahensya ay <b>hindi maaaring maningil</b> ng mas mataas sa 3,732 NIS upang ayusin ang iyong visa upang makapagtrabaho o upang ikaw ay maparating sa Israel. Hindi maaaring maningil ang ahensya ng bayad para ikaw ay hanapan ng panibagong amo kapag ikaw ay nasa Israel na.
<b>Panahon sa Pagitan ng mga Employer at Bago ang Pag-alis</b>	Ang manggagawang nasa Israel na nang mas mababa sa 51 buwan ay maaaring humanap ng bagong amo o mapapasukan sa pamamagitan ng Legal na ahensya sa loob ng 90 araw pagkatapos niyang mawalan ng trabaho. Ang manggagawang nasa Israel na ng 51 buwan o higit pa ay maaari lamang makapagtrabaho ng pansamantala o panandalian, na may rehistradong sulat galing sa ahensya. Ang manggagawang nawalan ng trabaho pagkatapos ng 63 buwan ay maaaring manatili ng may karagdagang 60 araw sa Israel pagkatapos niyang mawalan ng visa, at sa ibang mga kaso maaari siyang mag-aplay ng Humanitarian/Makataong ("special") visa.

**We would like to thank the Philippine Embassy in Israel, Ryan Pagarigan and Jean Trapal for the translation.**